
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2021-0025</b>
	<b>Title</b>	Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) Package (Revision 2)


Tanong	Sagot
1. Ano ang pagkakaiba ng bagong PhilHealth Circular na ito sa PhilHealth Circular 011-2015 (Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) Package, Revision 1)?	Ang PhilHealth Circular 2021-0025 ay nakabatay na sa bagong treatment guidelines ng Department of Health para sa paggagamot ng HIV/AIDS.
2. Ano ang mga serbisyo na ibibigay sa beneficiaries ng OHAT Package?	<p>Ang mga serbisyo na ibibigay batay sa DOH Treatment Guidelines ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Adherence counseling at iba pang counseling services;</li> <li>• Konsultasyon tulad ng personal o face-to-face sa loob ng facility, home visits o telemedicine;</li> <li>• Client-centered o differentiated service delivery sa pagsisimula at maintenance ng ART;</li> <li>• Maagap na screening ng TB sa mga taong may HIV kasama ang diagnosis gamit ang GeneXpert para sa MTB/RIF at radiologic examinations (kung kinakailangan)</li> <li>• Pagsubaybay ng toxicity ng antiretroviral drugs kasama ang laboratory examinations tulad ng lipid profile, complete blood count, serum creatinine, fasting blood sugar (depending on treatment regimen)</li> <li>• Pag-monitor ng response sa gamutan kasama ang viral load testing</li> <li>• Pagsubaybay at pag-manage ng treatment failure kasama ang genotyping (kung kinakailangan)</li> <li>• Pagsubaybay at pag-agap ng mg opportunistic infection (i.e., CD4 count, diagnostic tests and procedures, at prophylaxis drugs)</li> </ul>



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2021-0025</b>
	<b>Title</b>	Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) Package (Revision 2)

	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pag-agap ng hepatitis B virus infection kasama ang HBsAg screening at Hepatitis B vaccination kung kinakailangan.</li> </ul>
3. Totoo ba na ang kumpirmadong may HIV ay kailangan munang mag-enrol sa PhilHealth bago magsimula ng ARV?	Hindi. Base sa DOH guidelines, ang antiretroviral therapy ay kailangang simulan kaagad sa mga taong may HIV anuman ang immunologic status. Ang treatment facility ay hindi na kailangang maghintay na irehistro ang pasyente sa PhilHealth bago simulan ang treatment. Ang ARV drugs na gagamitin ng pasyente ay ibinibigay ng libre ng DOH kahit wala pang PhilHealth membership.
4. Isa sa pinag-uusapan ay kung paano ia-allocate ng mga government facility ang parte ng bayad ng PhilHealth para sa professional fee. Paano nga ba ia-allocate ng government facility ang professional fee sa mga health staff?	Nag-issue ang DOH ng Administrative Order Administrative Order 2016-0033 tungkol sa allocation of professional fees sa government hospitals. Ayon dito, ang lahat ng parte ng bayad ng PhilHealth para sa professional fee ay iipunin at ia-allocate sa lahat ng mga nagtarabaho sa hospital - doctor at iba pang health workers, full time o part time, permanent, temporary, casual, contractual, o galing sa medical pool. Para sa karagdagang impormasyon ng polisiya ng DOH, maaring basahin ang nasabing AO.
5. Kailang magsisimula ang implementasyon ng PhilHealth Circular 2021-0025	Ang Circular ay nailathala sa Manila Times noong December 22, 2021 na siya ring petsa kung kalian ito naging epektibo.
6. Anong OHAT claims ang sakop ng polisiyang ito?	Lahat ng claims ng treatment facilities na nabigyan ng serbisyo simula sa araw ng pagkakatathala ng Circular ay sakop ng polisiyang ito.
7. Paano ang mga OHAT claim na nabigyan ng serbisyo bago mailathala ang PhilHealth Circular na ito?	Lahat ng OHAT claims na nabigyan ng serbisyo o pasyenteng natingnan ng mga treatment hub bago mailathala ang PhilHealth Circular 2021-0025 ay sakop pa rin ng ang lumang circular, ang PhilHealth Circular 011-2015.
8. Ayon sa bagong Circular, saang	Ang mga kaso ng HIV/AIDS na nakumpirma ng mga



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2021-0025</b>
	<b>Title</b>	Outpatient HIV/AIDS Treatment (OHAT) Package (Revision 2)

mga laboratoryo maaaring makumpirma ang mga kaso ng HIV/AIDS at maaaring mai-file ang OHAT package?	<p>sumusunod na laboratoryo ay tinatanggap na para sa pag-claim ng OHAT Package:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• San Lazaro Hospital Reference Laboratory/STD AIDS Central Cooperative Laboratory (SLH-NRL/SACCL),</li> <li>• Research Institute for Tropical Medicine (RITM),</li> <li>• Certified rHIVda Confirmatory Laboratory (CrCl) o</li> <li>• DOH-licensed laboratories with rHIVda services</li> </ul>
9. Kailan dapat simulan ang gamutan sa mga kumpirmadong positive HIV?	Binibigyang-diin ng PhilHealth Circular na ito na kailangang simulan kaagad ang gamutan ng mga kumpirmadong positibo sa HIV anuman ang kanilang clinical at immunologic status.
10. Saklaw ba ang OHAT Package ng polisiya ng case rate ayon sa PhilHealth Circular 2021-0012?	Oo. Ang OHAT Package ay sakop ng polisiya ng case rate kung saan ang halagang nasa statement of account o kung mas mababa ito sa itinakdang package rate ay ang siyang babayaran ng PhilHealth sa pasilidad.
11. Kung ang pasyente ay nalipat ng pasilidad, sino ang babayaran ng PhilHealth?	Para sa patient transfer, ang pasilidad na <u>tumanggap</u> ng pasyente ang siyang mababayaran.
12. Kung sakaling magkulang o maubos ang supplies ng antiretroviral drugs na mula sa DOH, sino ang bibili ng gamot?	Kung sakaling magka-problema sa supply ng gamot, ang pasilidad na mismo ang kailangang bumili. Maaari itong i-charge sa OHAT package. Layunin ng OHAT package ang pagkakaroon ng access sa gamutan ng beneficiaries nito.

